**IUE TOLEDO- CHURCH HISTORY**

**Nobyembre ng taong 1995 nang kumilos ang kamay ng ating Panginoon upang mapalaganap ang kanyang mga aral at banal na turo dito sa Brgy. Toledo sa pamamagitan ng pagbubukas ng Misyon sa pangunguna ng *Iglesya Unida Ekyumenikal sa Malabag*. Sa pamamagitan ng mga nakatalagang manggagawa, Rev. Dakila Quizon at Diakonesa Thelma Quizon, Rev. Nepthalie Mendoza, na noo'y isa pa lamang mag-aaral sa seminaryo, Kap. Albert Bawar na noo'y pangulo ng konsilyo at ng buong kapatiran ng Malabag ay pormal na binuksan ang misyon sa tahanan ng Kap. Escolastico Toledo. Dinaluhan ito ng maraming bilang ng mga kapatid anupa't ang lahat ay napuspos ng banal na Espiritu ng Diyos.**

**Bagamat wala pang permanenteng istraktura na pagdadausan ng pananambahan ay itinulot ng ating Panginoon na ang mga kahilingang ito ay maging ganap. Idinaos ang pananambahan sa garahe ng Kap. Pedro Toledo na nagsilbing pansamantalang bahay dalanginan ng buong kapatiran. Sa pangunguna ni Rev. Emmanuel Infante at Diakonesa Rosette Infante na noo'y nakatalagang manggagawa sa Malabag ay binuo ang pansamantalang pamunuan ng kapatiran.**

**Simula noo'y naging patuluyan ang mga gawain tulad ng pag-aaral ng Banal na Kasulatan sa tahanan ng mga kapatid na tumanggap sa ating Panginoong Jesu-Cristo. Kinilala ng pamunuan ng Iglesya Unida Ekyumenikal sa kalaganapan ang mga nagkakatipong mga kapatid sa pamamagitan ng kapatiran ng Malabag. Bunga nito, hiniling ng kapatiran na sila ay magkaroon na rin ng sariling pananambahan.**

**Sa patuloy na pag-usad ng panahon ay nagpatuloy din ang mga gawaing pang-ebanghelyo. Bunga nito ay patuloy na dumarami ang bilang ng mga kapatid na nanampalataya. Nakita ng mga kapatid ang isang pangangailangan magkaroon ng permanenteng Bahay-Sambahan para sa ating Panginoon. Sa pamamagitan ng mga panalangin ay tinugon ng ating Diyos ang pangangailangang ito.**

**Ang garaheng dating pinagtitipunan, para sa mga gawain na pagsamba, ay ipinagkaloob ng mag-asawang Pedro C. Toledo at Simprosa B. Toledo upang matayuan ng permanenteng kapilya. Sa pamamagitan ng kusang pagkakaloob ng mga tinangkilik ng mga kapatiran ay nakabili ng mga materyales upang masimulan na ang pagpapagawa. Buwan ng Agosto 1997, itinalaga ang lupang pagtatayuan sa paglalagay ng Batong Panulok, sa isang gawaing pinangunahan ni Rev. Leonardo**

**Morada. Mula dito ay sinimulan na ang konstraksyon sa pagtutulungan ng mga kapatiran na Malabag at Toledo.**

**Sa pangangasiwa ni Rev. Andreo Buerano, pinagtuunan ang pagbuo ng koro ng mga bata, ang *Bethany Children's Choir.* Ang koro na ito ay pinasimulan ng mga bata noon ay tinatawag na *"Little Angels Choir"* sa pangunguna ng isang masipag na diakonesa Fanny Bawar; kung saan ay nabuo ang bagong Koro ng mga bata. Sa pagsasanay ng Kap. Madelle T. Faigo ay siyang naging pangunahing nagsagawa ng kanilang mga kakayahan, sa partisipasyon para sa pagawain sa pag-eextend ng kapilya.**

**Pinanatili ng buong kapatiran sa buhay Iglesya ang makabuluhang pagkilala sa naisulong na programa na may buong pagmamahal at pagsisikap. Natugunan ang pangangailangan para sa pagpapagawa at ito ay itinalaga noong Nobyembre 2005.Ang Iglesya Unida Ekyumenikal ay patuloy na naglayag na matatag. Sinikap niyang maisulong ang mga gawaing mahalaga sa buhay ng Iglesya at ng buong kapatiran.**

**Mahalagang mabanggit ang mga manggagawang naitalagang mangasiwa sa Iglesyang ito. Sila ay ang mga sumusunod:**

**1995-1998 : Rev. Nepthalie Mendoza**

**1998-1999: Rev. Dominador Perez**

**2000-2002: Rev. Nepthalie Mendoza**

**2002-2006: Rev. Andreo Buerano**

**2006-2007: Rev. Wilfredo Fernando**

**2007- 2014 : Rev. Romie B. Razon**

**2015- Present : Ptr. Esther Toledo**

**Rev. Dakila Quizon**

**Rev. Kenneth Aguilera**

**MGA NAGING DIAKONESA:**

**Kptd. Epifania D. Bawar**

**Kptd. Madelle Toledo**

**Kptd. Eden M. Bermundo**

**Kptd. Miriam Perez**

**Mga Naatangang manggagawa ng IUE-Toledo:**

1. **Pred. Grace T. Sangalang**
2. **KNP Eugenia T. Desacada**
3. **KNP Rowel T. Desacada**